INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


# ANG PASULAT AT KOMUNIKATIBONG KAKAYAHAN NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG

**DOI: 10.5281/zenodo.15851619**

**RESHEL B. RIPDOS**
University of the Visayas
reshelripdos21@gmail.com

**MIRAFLOR I. SALDUA**
Propesor, Graduate School of Education, University of the Visayas

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay tumutukoy sa pasulat at komunikasyong kakayahan ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Balamban National High School – Evening Opportunity Class. Layunin ng pag-aaral na matukoy ang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pasulat na komunikasyon at kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, partikular sa aspeto ng balarila, bokabularyo, at pagbuo ng pangungusap. Ginamit ang deskriptibong-korelasyonal na disenyo ng pananaliksik, kung saan apatnapung (40) mag-aaral ang naging respondente. Ang mga datos ay kinolekta sa pamamagitan ng talatanungan at rubrik sa pagsusuri ng sanaysay, at sinuri gamit ang mean, standard deviation, Welch test, at Spearman's rho. Ang mga resulta ay nagpakita na ang mga mag-aaral ay may mababang marka sa lahat ng aspeto ng pasulat na komunikasyon, na may pangkalahatang mean score na 15.38 (51.3%) na nasa kategoryang Hindi Umaabot sa Inaasahan *("Did Not Meet Expectations")*, partikular, ang pagbuo ng pangungusap ang may pinakamababang mean score (3.60), samantalang ang balarila ang may pinakamataas (6.68). Sa pagsusuri ng sanaysay, ang mga mag-aaral ay nakakuha ng mean score na 7.90, na nagpapakita ng kakulangan sa gramatika, organisasyon, at paggamit ng wika. Natukoy din na may makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa komunikatibong kasanayang pasulat (rho = 0.569, p = 0.001), bokabularyo (rho = 0.519, p = 0.001), at pagbuo ng pangungusap (rho = 0.418, p = 0.007). Batay sa mga natuklasan, iminumungkahi ang pagpapatupad ng mga estratehiya tulad ng *remedial instruction*, *writing workshops*, at *contextualized learning materials* upang mapabuti ang pasulat at komunikasyong kakayahan ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon para sa mga guro, administrador, at tagapagtaguyod ng kurikulum upang matugunan ang mga kahinaan at mapalakas ang kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral.

***Mga Susing Salita:*** *pasulat na komunikasyon, kasanayan sa pagsulat, balarila, bokabularyo, pagbuo ng pangungusap, Filipino, Ikapitong Baitang*

## PANIMULA

Ang wika ay isa sa pinakamahalagang kasangkapan ng tao sa pagpapahayag ng damdamin, saloobin, at kaisipan. Sa larangan ng edukasyon, ang kasanayan sa pasulat at komunikasyong aspeto ay nagsisilbing pundasyon ng tagumpay sa iba't ibang asignatura at aktibidad pang-akademiko. Binibigyang-halaga ng K-12 kurikulum ang maayos na pagkatuto ng Filipino upang mapaunlad ang kakayahan ng mag-aaral sa epektibong pakikipagkomunikasyon. Gayunpaman, nananatiling hamon ang pagpapaunlad ng kasanayan sa pasulat na pakikipagkomunikasyon at pagsulat ng mga mag- aaral, lalo na sa unang bahagi ng sekondarya. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay tukuyin ang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pasulat na pakikipagkomunikasyon at kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Balamban National High School.

Ang kalagayan ng wikang Filipino sa kasalukuyang henerasyon ay patuloy na bumaba, na nagdudulot ng pagkawala ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral (Labrador, et al 2017). Ayon sa isinagawang panayam, may mga mag-aaral na nawalan ng interes sa pag-aaral ng Filipino dahil nahihirapan silang gumamit ng tamang salita at makaunawa ng malalalim na termino. Bukod dito, may kakulangan sila sa pagkakalantad sa Filipino sa pang-araw-araw na buhay, kaya mas naging komportable sila sa paggamit ng kanilang lokal na diyalekto, ang wikang Cebuano. Karamihan sa mga mag-aaral ay mas naging komportable sa paggamit ng wikang Ingles dahil sa pagtaas ng impluwensiya ng teknolohiya at social media.

Ang mga guro ay nakaranas ng mga hamon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino (Largo at Gaihe 2021). Ang mananaliksik ay nagsagawa ng pakikipanayan sa mga guro ng Filipino 7 ayon sa kanilang karanasan sa pagtuturo. Ayon sa unang guro, isang hamon para sa kaniya ang pagpili ng angkop na estratehiya at teknik sa pagtuturo dulot ng kakulangan sa kagamitan at aklat. Binanggit ng ikalawang guro na kabilang sa mga hamon sa pagtuturo ng pasulat na komunikasyon at pagsulat ang pagharap sa magkakaibang antas ng kakayahan ng mag-aaral, pagpapanatili ng kanilang interes, at kakulangan sa oras at mga kagamitan. Dagdag pa rito, ang pagsukat ng kakayahan sa pagsulat ay maaaring maging mahirap, lalo na sa pagtatasa ng malikhaing pagsulat at kritikal na pag-iisip. Pagkakahumaling ng mga aaral sa *gadgets* o sa mga c*omputer games* isa sa mga dahilan ng pagkawala ng interes sa pagkatuto ng Filipino. Ayon sa ikatlong guro, ang pagtuturo ng wika ay patuloy na hamon dahil sa pabago-bagong kalikasan ng

wika at ng henerasyon ng mga mag-aaral. Ayon sa ikaapat na guro, may mga mag-aaral sa pribadong paaralan na hirap makaintindi ng wikang Filipino at mas nauunawaan ito kapag isinalin sa Ingles. Kaya naman, sa kaniyang pagtuturo ginamit ang Taglish upang direktang maintindihan ng mga estudyante.

Batay sa mga hamon na kinakaharap ng mga guro, mahalagang maging malikhain sa paggawa ng mga gawain at paggamit ng estratehiya na akma sa pangangailangan ng mga estudyante. Kailangan din ang pagpatuloy ng pagsasanay at propesyonal na pag-unlad para sa mga guro mas mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng pasulat na komunikasyon at pagsulat.

Sa kasalukuyang panahon, mahalagang pagtuunan ng pansin ang kasanayan sa pasulat na komunikasyon at pagsulat bilang bahagi ng pagkatuto at kasanayan sa pagpapahayag ng kaisipan at damdamin. Gayunpaman, sa pag-unlad ng teknolohiya at social media, maraming mga mag-aaral ang nahihirapang gumamit ng wastong balarila, bokabularyo, at kayarian ng pangungusap. Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang ugnayan sa kasanayan sa pasulat na pakikipagkomunikasyon at kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Balamban National High School. Sa pamamagitan nito, matukoy ang kanilang mga kalakasan at kahinaan, partikular sa gramatika at sanaysay. Sa pag-aaral ng EDCOM II (2024), isa sa mga pangunahing hamon para sa mga guro sa Region VII, lalo na sa ikapitong baitang, ay ang kakulangan ng kagamitan at hindi kumpletong aklat para sa Filipino, na nagiging hadlang sa pagpili ng epektibong stratehiya sa pagtuturo. Sinusuportahan sa pag-aaral nina (Gonzaga et al. 2024) ang malaking hamon ng mga guro sa Cebu sa pagtugon sa iba't ibang pangangailangan sa pagkatuto ng mag-aaral sa kalagayan ng inklusibong edukasyon. Masasabing ang teknolohiya rin ay isa sa mga salik kung bakit nagbago at nakaligtaan ng karamihan sa kabataan ang Wikang Filipino sa kasalukuyan (Zjiezza, 2016). Bunga ng makabagong henerasyon, ginamit ang *code-switching* at pagsasalin ang naging madalas na estratehiya upang matulungan ang mga estudyante ng Filipino 7 sa pribadong paaralan sa Cebu City na mas maintindihan ang aralin (Buhisan et al. 2024). Mahalaga ang pagkakaloob ng sapat na pagsasanay, mga kagamitan, at pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro upang kanilang maisagawa nang epektibo ang pagtugon sa mga pagbabago sa kurikulum (Padillo, et al. 2021).

Ang mga pagkakaiba sa gramatika, bokabularyo, at kultura sa pagitan ng Cebuano at Filipino ay maaaring magdulot ng mga hadlang sa pag-unawa at paggamit ng wikang Filipino. Sa pag-aaral ni (Sayson et al. 2020), ang kakulangan ng mga mag-aaral sa kasanayan sa paggamit ng isang wika ay nakakaapekto sa kanilang akademikong pagganap. Ayon nina (Zheng at Yu 2018), ang mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika ay nagdudulot ng negatibong epekto sa kanilang kognitibo at asal na pakikilahok sa pagsusuri at pagwawasto ng mga nakasulat na gawa.

Sa kasalukuyang panahon, maraming mag-aaral ang nahihirapang gumamit ng kanilang sariling wika dahil sa impluwensiya ng wikang Ingles. Sa pag-aaral ni (Pablo et al. 2018), nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng mga sanaysay gamit ang wikang Filipino, lalo na sa paggamit ng wastong salita, idyoma, bokabularyo at pagbuo ng mga pangungusap na may tamang estruktura.

Ayon sa pag-aaral nina (Kanwit & Geeslin, 2020), napakahalagang maunawaan ang kahulugan ng mga salita, pag-angkop ng wika sa konteksto, at pagbuo ng wastong pahayag para sa epektibong komunikasyon. Sinusuportahan nina (Andales at Francisco 2024), mahalagang patuloy na pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga estudyante sa tamang paggamit ng mga salitang Filipino. Sa pamamagitan ng tuwirang pagtuturo sa bokabolaryo, gramatika, at aplikasyon sa tunay na sitwasyon, mapapalawak ang kasanayan sa wikang Filipino.

Ang Filipino ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan o tool sa pag-aaral at akademikong pagganap ng mga mag-aaral (Orozco, 2022) (Vale et al., 2020) Dahil ang karamihan ng mga asignatura at aralin sa mga paaralan ay itinuturo at ipinababatid sa wikang Filipino, ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman at kasanayan sa paggamit nito ay nagiging makabuluhan at lubhang kapaki-pakinabang para sa mga mag-aaral.

Ang pag-aaral at paghusay sa paggamit ng wikang Filipino ay nagiging malaking tulong at oportunidad upang maging mas kompetente at mahusay na komunikador hindi lamang sa akademya, kundi pati na rin sa iba't ibang larangan ng buhay. Ang kakayahang komunikatibo sa Filipino ay lubhang mahalaga sa pagtataguyod ng epektibong pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan, hindi lamang sa mga kaklase at guro, kundi pati na rin sa mga taong mula sa iba't ibang rehiyon at sektor ng lipunan (Nuncio et al., 2020).

Ang mga indibidwal na bilingwal ay may kakayahang mas madaling mag-isip nang kritikal, malikhain, at epektibo sa pagproseso ng iba't ibang uri ng impormasyon. Maaaring gumamit at magtalastasan ng mga salita, ekspresyon at pagkakasabing galing sa kanilang unang wika upang mas mahusay, malinaw at epektibong maipahayag ang kanilang mga ideya, damdamin at kaisipan sa wikang Filipino (Luza, 2023) (Oyzon & Fullmer, 2014)(Ilao et al., 2011).

Gayunpaman, mahalagang tandaan na ang bilingwalismo lamang ay hindi sapat na solusyon sa mga hamon at problema sa pag-aaral at paggamit ng Filipino. Ang mga guro at mga magulang ay may napakahalaga na papel upang matiyak na ang mga mag-aaral ay mabibigyan ng sapat na oportunidad, enerhiya at suporta upang

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


maunawaan, mapaunlad at mapahusay ang kanilang kasanayan sa dalawang wika (Imperial & Ong, 2021).

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga upang maunawaan ang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pasulat na pakikipagkomunikasyon at kasanayan sa pagsulat ng mga mag- aaral sa Ikapitong Baitang sa pagpapabuti sa kanilang akademikong pagganap. Layunin ng pag-aaral na ito na makapagbigay ng kaalaman at rekomendasyon sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa larangan ng wika at komunikasyon, na makatutulong sa pang- akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, makakatulong ito sa ating mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa balarila, bokabularyo, at pagbuo ng pangungusap. Sa mga guro, makakatulong ito sa pagbuo ng wastong pamamaraan sa pagtuturo upang mapabuti ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, sa kanilang mga magulang na magabayan ang kanilang mga anak sa pagkatuto ng wika. Sa ating administrasyon maaring magsilbing batayan sa pagpaplano ng mga pagsasanay para sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na makamit ang mabuting marka, at sa mga susunod na mananaliksik ay maaring magsilbing gabay ito sa kanilang isasagawang pananaliksik.

**Batayang Teoritikal**

Ang pag-aaral na ito ay ibinatay sa mga *teoryang Communicative Competence Theory at Self-Efficacy Theory*, na sinusuportahan ng legal at patakarang balangkas na inilatag ng Republic Act 10533 at ng DepEd Order No. 12, S. 2024 (Amendment sa Policy Guidelines ng MATATAG Curriculum).


Ayon sa teoryang *Communicative Competence Theory ni Dell Hymes* (Durbidge, 2022), ay nagpapaliwanag na ang tunay na kasanayan sa komunikasyon ay hindi lamang nakatuon sa gramatika, kundi kinabibilangan ang kakayahang maipahayag ang sarili nang wasto at mabisa sa iba't ibang sitwasyon at konteksto. Ang "kasanayan sa pasulat na pakikipagkomunikasyon" ay hindi lamang tumutukoy sa tamang balarila at pagbabaybay, kundi pati na rin sa kakayahan ng mag-aaral na maiparating ang kanilang mensahe nang malinaw, lohikal, at epektibo sa pasulat na anyo, isinasaalang-alang ang target na mambabasa at layunin ng sulatin.

Ang teoryang *self-Efficacy ni Albert Bandura* (Artino, 2012) naglalantad ng kahalagahan ng paniniwala ng isang tao sa sariling kakayahan upang maipatupad ang isang gawain at matamo ang inaasahang layunin. Sa konteksto ng "kasanayan sa pagsulat," inilahad sa teoryang ito na ang mga mag-aaral na may tiwala sa kanilang kakayahang magsulat ay mas malamang na magsikap at magpakita ng dedikasyon, na magiging sanhi sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagsulat. Samakatuwid, mahalaga ang sikolohikal na estado n mga mag-aaral sa paghubog ng kanilang mga kakayahan.

Bukod sa mga teorya, ang pag-aaral na ito ay pinagtitibay ng pambansang patakaran sa edukasyon. Ang RA 10533 (K to 12 Law) ay nagtatakda ng pagpapaunlad ng komprehensibong kasanayan, kabilang ang matatag na komunikasyon, para sa paghahanda ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang DepEd Order 12, s. 2024 ay nagpapalakas sa mandato para sa kinakailangang kasanayan sa komunikasyon at literasiya sa pamamagitan ng MATATAG Curriculum. Ang mga patakarang ito ay itinatampok ang kahalagahan ng pagtatasa sa kasanayang pasulat na komunikasyon at pagsulat ng mga mag-aaral.

Sa huling pagsusuri, ang pag-aaral na ito ay nalalayon na makabuo ng isang Gabay sa Pagkatuto. Ang naturang gabay ay inilaan upang magbigay ng praktikal na solusyon sa pagpapahusay ng pasulat na pakikipagkomunikasyon at kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral, bilang tugon sa mga pangangailangan ng K to 12 Curriculum at sa mga konseptong pinagbabatayan ng mga sumusuportang teorya.

**Pigura 1**
***Iskematikong Paglalahad ng Batayang Teoretikal at Konseptwal***



## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral at ito ay ginamitan ng *Descriptive-Correlational* upang tukuyin ang ugnayan sa pagitan ng mga kasanayan sa pasulat na komunikasyon at mga kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, inilarawan muna ng pag-aaral ang kasalukuyang kalagayan ng mga kasanayang ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga datos na nakalap mula sa mga mag-aaral. Samanatalang, ang korelasyonal na bahagi ay magbibigay-daan upang masuri kung may makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol. Ang disenyo na ito ay angkop para sa mga pag-aaral na naglayong malaman kung paano ang isang aspeto ay nakaapekto sa isa pang aspeto, nang hindi kinakailangang baguhin o kontrolin ang mga baryabol na ginagamit sa pagsusuri (Creswell, 2014).

Ang *descriptive-correlational method* ay mahalaga sapagkat nagbigay ito ng mas malalim na pag-unawa kung mayroong ugnayan sa pagitan ng mga kasanayan sa pasulat na komunikasyon at mga kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, nakabuo ng makabuluhang mga rekomendasyon, tulad ng pagpapatupad ng mga programang nagtaas ng kamalayan sa kahalagahan ng pagsulat at pagbibigay ng mga estratehiya sa pagpapaunlad ng bokabularyo at gramatika. Ang mga natuklasang impormasyon ay nagamit upang mapabuti ang mga kurikulum at materyales sa pagtuturo ng wikang Filipino, at sa huli ay nakatulong sa pagpapalaganap ng paggamit ng wikang pambansa sa iba't ibang larangan.

### Kaligiran sa Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa Balamban National High School -Evening Opportunity Class na matatagpuan sa bayan ng Balamban sa may kanlurang bahagi ng Cebu sa rehiyon ng Central Visayas. Ito ay may layong tatlumpu’t walong (38) kilometro mula sa lungsod ng Cebu City.

**Pigura 2**
**Lokasyon ng Paaralan**







### Mga Tagatunon

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang apatnapu't dalawang (42) mag-aaral sa Ikapitong baitang ng Balamban National High School – Evening Opportunity Class na kumatawan sa target na populasyon. Napili ang grupong ito dahil sila ang mga bagong mag-aaral na nagsimula pa lamang sa kanilang landas sa sekondaryang edukasyon. Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang ugnayan sa pagitan ng mga kasanayan sa pasulat na komunikasyon at kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagganap. Sa baitang na ito ay mayroong mga mag-aaral na nasa hustong gulang na at kadalasan ay mayroon ding mga nasa menor de edad pa, kaya sila ay binigyan ng *Implied Consent form* at *Parental Consent form* na nagpapatunay na sila ay sumasang- ayon at sila ay pinayagan ng kanilang mga magulang na sumali sa isinagawang pag-aaral. Sa pag-aaral na ito ay ginamit ang *Universal Sampling method* kung saan ang lahat ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ay kinuha upang maging parte ng isinagawang pag-aaral. Ang pamamaraang ito ay itinuturing na mainam upang maiwasan ang bias at makamit ang obhektibong resulta.

### Instrumentong Ginamit

Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay ang talatanungan na may 30 aytem sa kasanayang pasulat pangkomunikatibo na ginawa ng mananaliksik na hinatihati sa tatlong aspekto na may tig-10 aytems bawat isa sa balarila, bokabularyo at paggawa ng pangungusap. Bago ito ipinamahagi sa mga kalahok, sumailalim muna ito sa isang masusing proseso ng pagpapatibay sa nilalaman. Sinuri ito ng isang *master teacher* sa Filipino, isang estadistiko, isang Filipino District Coordinator at isang Filipino Coordinator mula sa Department of Education*.* Ang

kanilang mga puna at suhestiyon ay isinaalang-alang upang mapabuti ang nilalaman at istruktura ng talatanungan. Upang matiyak ang bisa at pagiging maaasahan ng instrumento, isinagawa ang *isang pilot test* sa tatlumpung (50) mag-aaral sa Ikapitong Baitang mula sa ibang paaralan. Ang mga datos na nakalap mula sa *pilot test* ay ibinigay sa *UV Stat Hub* upang kalkulahin ang pagiging maaasahan nito. Pagkatapos, ipinagpatuloy ang pangangalap ng datos mula sa apatnaput (40) mag-aaral sa Balamban National High School. Ang talatanungan ay nakakuha ng reliability index na 0.77 na mas mataas kaysa itinakdang requirement na 0.70.

Ang kasanayan ng mga mag-aaral ay inihambing sa *DepED classification of Performance based on the percentage of Achievement* as:

| | |
|---|---|
| 90-100 | Outstanding |
| 85-89 | Strongly Satisfactory (Passed) |
| 80-84 | Satisfactory (Passed) |
| 75-79 | Fairly Satisfactory (Passed) |
| Below 75 | Did Not Meet Expectations (Failed) |

Ang pangalawang instrumento ay ang rubrics sa pagsukat sa kakayahan ng mga nag-aaral sa paggawa ng sanaysay ang mga mag-aaral upang suriin ang kanilang kasanayan sa pagsulat. Ang talahanayan ay nagpapakita ng interpretasyon ng mean score ayon sa sanaysay, batay sa saklaw ng score at ang kanilang katumbas na interpretasyon, mula sa 'May kahusayan' hanggang 'May kakulangan' (Dias et al., 2023). Ang layunin ng talahanayang ito ay magbigay ng gabay sa pagsusuri ng Pagganap (performance)ng mga mag-aaral batay sa kanilang mean score sa paggawa ng sanaysay, upang masuri ang kanilang kasanayan sa pagsusulat at makapagbigay ng tamang rekomendasyon para sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan.

| Halaga | Saklaw | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 3 | 2.34-3.00 | May kahusayan |
| 2 | 1.67-2.33 | Maari na |
| 1 | 1.00-1.67 | May kakulangan |

Ang huling instrumento ay ang demograpikong data ng mga mag-aaral na kumukuha ng datos sa kanilang edad at kasarian.

**Pangangalap ng Datos**

**Bago Mangalap ng Datos.** Ang mananaliksik ay nagpasa ng tatlong mungkahing pamagat ng pag-aaral sa Dekana ng *Graduate Studies.* Matapos ang pagsusuri, isa sa mga pamagat ang naaprubahan upang ipagpatuloy at gawan ng pag-aaral. Ang sunod na ginawa ng mananaliksik ay humiling ng isang tagapayo para sa isasagawang pananaliksik. Ang mananaliksik ay nagpatuloy sa paggawa ng una at pangalawang kabanata ng pag-aaral at matapos makumpleto ang dalawang kabanata, nagpasaayos siya ng araw ng pagdinig sa disenyo ng pag-aaral para sa pagpapabuti nito kasama ang tagapayo, *chairperson*, at iba pang miyembro. Matapos ang pagsusuri, sinunod ng mananaliksik ang lahat ng mungkahing pagbabago upang mapabuti ang pag-aaral bago ito isumite sa *Institutional Review Board* (IRB) para sa karagdagang pagsusuri. Kung may imumungkahi ang IRB na pagbabago, ito ay tinupad ng mananaliksik bago makakuha ng *Notice to Proceed* (NTP).

**Habang Nangangalap ng Datos.** Ang mananaliksik ay bumisita sa silid-aralan ng mga mag-aaral sa apatnapu't dalawang baitang upang ipamahagi ang inihandang talatanungan sa mga respondente. Sa kanyang pagbisita, ang target sana ay 42 na mag-aaral na magiging respondente ay naging 40 nalang dahil mayroong 2 na lumiban sa klase. Ang dalawang lumiban sa klase ay parehong hindi maganda ang pakiramdan kaya pinaliban ng kanilang mga magulang. Bago hayaang pasagutan sa talatanungan ang mga respondente, nagpakilala ang mananaliksik at ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral at hiniling sa mga respondente na basahin at unawain ang *consent form* bago nila ito sang-ayunan kasama na ang mga kondisyon sa pag-aaral hinggil sa pagkuha ng datos. Sila rin ay binigyan ng sapat na oras sa pagsagot sa talatanungan. Ipinaliwanag rin sa kanila na ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo at hindi sapilitan.

**Pagkatapos Mangalap ng Datos.** Matapos makuha ng mananaliksik ang lahat ng sagot sa talatanungan, siya ay nagsagawa ng pagta-tally, pagtatabula, pagsusuri, at interpretasyon sa datos na nalikom upang matiyak ang pagiging komprehensibo nito. Ang nakalap na impormasyon ay ligtas na iimbakin sa kanyang personal na kompyuter. Matapos nito, siya ay nagsasagawa ng pinal na bersyon ng pananaliksik. Kanyang susuriin ang hindi na kailangang datos sa kanyang kompyuter at itoy kanyang permanenting buburahin at ang mga kopyang nakaimprenta ay kanyang pupunitin at itatapon ng maayos. Ang pinal na bersyon ng kanyang pananaliksik ay ipapasa sa pamunuan ng edukasyon at sa institusyon. Ito rin ay kanyang ilalathala sa isang *Journal* ng pananaliksik.

**Pagsusuri ng Datos**

Ang ginamit sa pag-aaral na ito sa pagsusuri ay ang mga *Mean, Standard Deviation, Welch test at Mcdonald's Omega.* Ginamit ang mean upang matukoy ang pangkalahatang kasanayan sa pasulat na komunikasyon at kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang Welch test ay ginagamit sa pagtukoy kung

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


may kaibahan ba ang ksasanayan sa mga lalaki at babae. Ang *Shapiro Wilk-Test* ay ginamit rin upang alamin kung ang datos ay normal o hindi. Samantalang ang Spearman rho ay ang ginamit sa pagtukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pasulat na komunikasyon at kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral dahil nagpapakita ng iskater plot ang ugnayan sa dalawang baryabol.

**Etikal na Batayan**
Ang pananaliksik na ito ay isinagawa alinsunod sa mga pamantayang etikal ng *Declaration of Helsinki,* na nagtatakda ng mga prinsipyo para sa makatao at etikal na pagsasagawa ng pananaliksik sa mga kalahok. Isinasaalang-alang ng mananaliksik ang paggalang sa dignidad, karapatan, at kapakanan ng lahat ng kalahok, anuman ang kanilang edad. Ang pag-aaral ay pormal na inaprubahan batay sa protokol ng *Research and Ethics Committee* ng *University of the Visayas,* na may Sanggunian Blg. 2025-0166 at may petsang Abril 04, 2025. Ang pananaliksik ay isinagawa sa loob ng silid-aralan ng mga mag- aaral, kung saan ipinasagot ang isang talatanungan na nagsilbing pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Bago sagutan ang mga talatanungan, ay binigyan muna sila ng isang liham upang ipaliwanag ang pagiging kumpidensyal ng impormasyon, ang layunin ng pag-aaral, mga adhikain, at ang kanilang boluntaryong pakikilahok. Para sa mga menor de edad, ang kanilang paglahok ay isinagawa lamang matapos makakuha ng pahintulot mula sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga. Walang ibinigay na pinansyal o materyal na insentibo sa mga kalahok. Ang kanilang paglahok ay ganap na boluntaryo at walang anumang uring pamimilit. Sinisiguro ng mananaliksik na ang buong proseso ay sumusunod sa mga pinakamataas na pamantayang etikal, lalo na sa mga pananaliksik na may kinalaman sa mga kabataan.

**RESULTA AT PAGTATALAKAY**

Sa bahaging ito, tinatalakay ang pagsusuri ng mga nakalap na datos upang matugunan ang mga suliraning tinutukoy sa pag-aaral. Inorganisa ang mga resulta ayon sa mga itinakdang suliranin ng pananaliksik, at ito ay sinusuportahan ng mga estadistikang ebidensya mula sa mga talahanayan at mga grap na naglalarawan ng mga kasanayan sa balarila, bokabularyo, at pagbuo ng pangungusap. Gumamit ng deskriptibo at inferensyal na pagsusuri ang mananaliksik upang bigyang-kahulugan ang mga datos. Binibigyang-diin sa talakayan ang mga mahahalagang natuklasan, inihahambing ito sa mga naunang pag- aaral, at inilalahad ang mga implikasyon nito para sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsusulat at komunikasyon ng mga mag-aaral. Layunin ng bahaging ito na magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga kasanayan ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa pasulat na komunikasyon at kung paano ito nakakaapekto sa kanilang akademikong pagganap.

**Demograpikong Profayl**
Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng deskriptibong istatistika ng mga lumalahok batay sa kanilang edad at kasarian.

**Talahanayan 1**
*Demograpikong Profayl ng mga Lumalahok*

| Variable | Category | Frequency | Percentage | Mode/Mean |
|---|---|---|---|---|
| Kasarian | Lalaki | 24 | 60.0 | Mas maraming |
| | Babae | 16 | 40.0 | Lalaki |
| Edad | 12 years old | 4 | 10.0 | Mean Age sa |
| | 13 years old | 26 | 65.0 | Lalaki=13.12 |
| | 14 years old | 4 | 10.0 | Mean Age sa |
| | 15 and above | 6 | 15.0 | Babae=13.86 |

n=40

Ang 24 na mga lalaki ay may mean age na 13.125 at ang 16 na mga babae ay may mean age na 13.86. Makikita rin ang standard deviation ng 0.797 para sa mga lalaki at 1.821 para sa mga babae, na nagpapakita ng mas mataas na pagkakaiba-iba sa edad ng mga babae kumpara sa mga lalaki. Mayroong ilang mag-aaral sa Baitang 7 na may mas mataas na edad dahil sa dalawang dahilan; ang ilan ay tumigil sa pag-aaral sanhi ng kakulangan sa pinansyal na resources ng kanilang magulang, samantalang ang ibang mag-aaral ay nagdrop-out mula sa ibang paaralan. Sa kasalukuyan, nagsusumikap silang ipagpatuloy ang pag-aaral upang makamit ang kanilang mga pangarap. Ang mga pagkakaibang ito sa edad ay maaaring magpahiwatig ng iba't ibang antas ng kognitibong pag-unlad sa mga mag-aaral, na maaaring makaapekto sa kanilang kakayahan sa pagsulat sa mga susunod na pagsusuri ng mga datos.

**Kasanayan sa Pasulat na Komunikasyon**

Ang kasanayan sa pasulat na komunikasyon ay pundasyon sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Kaya't nararapat lamang na bigyan ito ng sapat na atensyon upang maging handa sila sa mas mataas na antas ng pagkatuto at sa mga praktikal na gawain sa tunay na buhay. Ang kasanayan sa pasulat na komunikasyon ay nasukat sa pasulit na may 30 aytems na tatlong kasanayan, balarila, bokabularyo at pagbuo ng pangungusap. Makita sa Talahanayan 2 ang kasanayan ng mga mag-aaral batay sa tatlong aspekto. Inilalahad dito ang mean at standard deviation para sa bawat *subtest* ng Pasulat na Komunikasyon. Layunin ng talahanayan na ipakita ang pagkakaiba sa performans ng

mga mag-aaral at masusing pag-aralan ang kanilang mga kasanayan sa gramatika at iba pang aspeto ng komunikasyon.

**Talahanayan 2**

*Kasanayan ng mga mag-aaral sa Pasulat na Komunikasyon*

| Area | No. of Items | Mean | SD | % of Achievement | Description |
|---|---|---|---|---|---|
| Balarila | 10 | 6.68 | 1.29 | 66.8 | Did Not Meet Expectations |
| Bokabularyo | 10 | 5.10 | 2.11 | 51.0 | Did Not Meet Expectations |
| Pagbuo ng Pangungusap | 10 | 3.60 | 2.13 | 36.0 | Did Not Meet Expectations |
| Total | 30 | 15.38 | 3.88 | 51.3 | Did Not Meet Expectations |

*Legend: 90-100 = Outstanding, 85-89= Strongly Satisfactory (Passed), 80-84 =Satisfactory(Passed),75-79= Fairly Satisfactory (Passed), Below 75 = Did Not Meet Expectations (Failed)*

Batay sa ipinakitang datos sa Talahanayan 2, masusing sinuri ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pasulat na komunikasyon, na hinati sa tatlong pangunahing larangan: Balarila, Bokabularyo, at Pagbuo ng Pangungusap. Sa larangan ng Balarila, na binubuo ng 10 katanungan, ang mga mag-aaral ay nakakuha ng mean na 6.68 at standard deviation na 1.29, na katumbas ng 66.8% na antas ng pagkakamit. Ito ay tinukoy bilang Hindi pumasa, Ayon sa pag-aaral nina (Cuyos et al., 2024), kadalasan sa mga mag-aaral ay nagkakamali sa paggamit ng wastong anyo ng pandiwa, pang-ugnay at iba pang bahagi ng pananalita. Batay sa resulta ng pag-aaral ang kasanayang gramatikal ay nanatiling mahirap para sa mag-aaral ngunit ito na rin ang may pinakamataas na marka sa tatlong larangan.

Samantala, sa Bokabularyo, nakapagtala ng mas mababang mean na 5.10 at mas mataas na standard deviation na 2.11, na nagbigay ng 51.0% na achievement rate—ito rin ay nasa Hindi pumasa na kategorya. Batay sa Frontiers Editorial Office (2024), ang kakulangan sa bokabularyo ay isang malawakang hamon sa iba't ibang wika, dulot ng motibasyon, pagkalantad, at mga estratehiya sa pagkatuto. Pinakamababa sa lahat ang larangan ang Pagbuo ng Pangungusap, na may mean na 3.60 at standard deviation na 2.13, na humantong sa 36.0% na porsyento ng pagkakamit, na malinaw na nagpapakita ng kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsasaayos at pagbabalangkas ng mga pangungusap. Binanggit sa pag-aaral nina (Dizon at Villanueva 2022) na karamihan sa mga mag-aaral ay kulang pa ang kasanayan sa paggamit ng wastong estruktura sa pagbuo ng pangungusap, partikular na sa payak, tambalan, at hugnayan. Sa pangkalahatan, mula sa kabuuang 30 katanungan, nakakuha ang mga mag-aaral ng mean na 15.38 at SD na 3.88, na may average achievement rate na 51.3%, na tinukoy pa ring Hindi pumasa. Sinusuportahan sa pag-aaral (Cabudbod et al., 2024) nagpapahiwatig na nanatiling mababa ang *writing proficiency* ng mga mag-aaral, partikular sa kanilang kaalaman sa gramatika, bokabularyo, at organisasyon ng ideya, na nangangailangan ng interbensyon sa pagtuturo ng komunikasyong pasulat.

Kapag sinabing ang lahat ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pasulat na komunikasyon ay "Hindi pumasa", ito ay may ilang mahalagang kahulugan: Hindi pa sapat ang kanilang kasanayan sa mga pangunahing aspeto ng pagsusulat—balarila, bokabularyo, at pagbuo ng pangungusap—kumpara sa inaasahang antas o pamantayan para sa kanilang baitang o antas ng edukasyon. Maaaring nahihirapan sila sa malinaw na pagpapahayag ng kanilang mga ideya sa pasulat na anyo. Ang pagiging mababa sa karaniwan sa lahat ng larangan ay nangangahulugang may mga puwang o kakulangan sa pundasyong kaalaman sa wika. Ang resulta ay sumasalamin sa pangkalahatang kahinaan sa paggamit ng wika sa akademikong pagsusulat, na maaaring makaapekto sa kanilang pagkatuto sa iba’t ibang asignatura.

Ang mga kahinatnan na ito ay nagpapahiwatig ng Pangangailangang Pedagohikal – Malinaw na kinakailangang paigtingin ang pagtuturo ng kasanayan sa pasulat na komunikasyon, lalo na sa pagbuo ng pangungusap. Ang mababang porsyento sa larangang ito ay maaaring magdulot ng suliranin sa mas mataas na antas ng pagsusulat tulad ng pagsasalaysay, paglalahad, at pangangatwiran. Ang resulta ay nagbibigay-daan sa mga guro upang makapagdisenyo ng mas angkop at mas nakatuon sa kasanayang interbensyon, gaya ng *remedial instruction, writing workshops*, o paggamit ng mga *contextualized learning materials.* Dahil kulang din sa bokabularyo ang mga mag-aaral, maaaring hikayatin ang pagbabasa ng mga babasahing angkop sa kanilang antas upang mapalawak ang kaalaman sa mga salita at ekspresyon. Mahalaga ring magkaroon ng regular na pagtatasa upang masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral at matukoy kung epektibo ang mga ipinatutupad na estratehiya sa pagtuturo.

**Pagkakaiba sa Mean Score ng mga Lalaki at Babae**

Sa pananaliksik na ito, inihambing ang kasanayan ng mga lalaki at babae sa pasulat na komukatibo at pasulat na sanaysay. Dahil ang data distribution ay hindi batay sa normal distribution, ginamit ang non-parametric test na Welch at Mann Whitney U.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


**Talahanayan 3**
*Paghahambing na Pagsusuri sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Lalaki at Babae.*

| Kasanayan | Group | N | Mean | SD | Mean Difference | Welch Test | p-value | Remarks |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Balarila** | Babae | 16 | 7.31 | 1.08 | 1.063 | 2.852 | 0.007 | Significant |
| | Lalaki | 24 | 6.25 | 1.26 | | | | |
| **Bokabularyo** | Babae | 16 | 4.94 | 2.26 | -0.271 | -0.385 | 0.703 | Not Significant |
| | Lalaki | 24 | 5.21 | 2.04 | | | | |
| **Pangungusap** | Babae | 16 | 3.31 | 2.41 | -0.479 | -0.662 | 0.513 | Not Significant |
| | Lalaki | 24 | 3.79 | 1.96 | | | | |
| **Total** | Babae | 16 | 15.56 | 4.40 | 0.313 | 0.237 | 0.815 | Not Significant |
| | Lalaki | 24 | 15.25 | 3.59 | | | | |

*n=40 *Significant at .<.05 ns=not significant*

Batay sa resulta ng paghahambing ng kasanayan sa pasulat na komunikasyon ng mga babae at lalaki, ipinakita ng datos na tanging sa larangan ng balarila may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang mga marka. Ang mga babae ay nakakuha ng mean na 7.31 (SD = 1.08), samantalang ang mga lalaki ay may mean na 6.25 (SD = 1.26). Ang mean difference na 1.063 ay napatunayang significant sa pamamagitan ng Welch test (t = 2.852, p = .007). Ibig sabihin, mas mataas ang kasanayan ng mga babae kaysa sa mga lalaki sa aspeto ng balarila, at ang pagkakaibang ito ay statistically significant o hindi bunga ng pagkakataon lamang. Ayon sa pag-aaral ni (Al-Saadi 2020) sa kaniyang meta-analysis, ang mas mataas na kasanayan sa balarila ng mga babae ay maaaring maiugnay sa kanilang mahusay na *verbal fluency*, mas mataas na antas ng kakayahang linggwistiko, at mas mataas na motibasyon.

Samantala, sa larangan ng bokabularyo, ang mga babae ay nakakuha ng mean na 4.94 habang ang mga lalaki ay bahagyang mas mataas sa 5.21, ngunit ang mean difference na -0.271 ay hindi naging significant (t = -0.385, p = .703). Batay sa pag-aaral nina (Ferrer & Carmen 2023) ang pagkakaiba sa marka ng bokabularyo ay hindi lumalabas bilang significant dahil sa paggamit ng magkakatulad na estratehiya sa pagkatuto ng babae at lalaki. Katulad nito, sa pagbubuo ng pangungusap, mas mababa ang mean ng mga babae (3.31) kumpara sa mga lalaki (3.79), subalit ang pagkakaiba ay hindi rin statistically significant (t = -0.662, p = .513).

Sa kabuuang iskor sa pagsulat, halos magkapantay ang mga marka: ang mga babae ay may mean na 15.56 at ang mga lalaki ay may mean na 15.25, na may mean difference na 0.313 lamang. Ang p-value na 0.815 ay nagpapakitang walang makabuluhang pagkakaiba sa pangkalahatang kasanayan sa pagsulat ng dalawang kasarian.

Ang makabuluhang resulta sa balarila ay nagpapahiwatig na ang mga babae ay mas may kaalaman o higit na nagagamit nang tama ang mga alituntunin sa gramatika. Maaaring mas maingat sila sa paggamit ng wika o mas madalas silang nakikilahok sa mga gawaing pampagsulat o pampagbasa. Ang hindi makabuluhang pagkakaiba sa bokabularyo, pagbubuo ng pangungusap, at kabuuang pagsusulat ay nagpapakita na pantay lamang ang kasanayan ng mga lalaki at babae sa mga aspeto ng pagsulat na ito. Ibig sabihin, ang kasarian ay hindi pangunahing salik na nakaaapekto sa pangkalahatang kakayahan sa pagsusulat.

Batay sa resulta ng pagsusuri, lumitaw na may makabuluhang pagkakaiba lamang sa kasanayan sa balarila sa pagitan ng mga mag-aaral na babae at lalaki, samantalang walang makabuluhang kaibahan sa bokabularyo, pagbubuo ng p angungusap, at kabuuang kasanayan sa pasulat na komunikasyon. Ang kinalabasang ito ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng mga sumusunod na haka-haka:

Una, maaaring mas maingat at masinop ang mga babae sa paggamit ng wika, partikular sa pagsunod sa mga alituntunin ng gramatika. Ayon sa ilang pag-aaral sa sikolohiya at edukasyon, ang mga babae ay may tendensiyang maging mas detalyado at mas mapanuri sa mga gawaing pangwika, gaya ng paggamit ng wastong bantas, baybay, at kayarian ng pangungusap. Dahil dito, mas mataas ang posibilidad na magpakita sila ng kahusayan sa aspetong gramatikal ng pagsusulat.

Ikalawa, maaaring mas mataas ang antas ng exposure ng mga babae sa mga gawaing pampagsulat at pagbasa, tulad ng pagsulat sa journal, paggawa ng sanaysay, at pagbabasa ng mga akdang pampanitikan. Ang ganitong mga gawain ay nakatutulong sa patuloy na paglinang ng kaalaman sa balarila at sa wastong paggamit ng wika sa pormal na pagsulat.

Ikatlo, ang kawalan ng makabuluhang kaibahan sa bokabularyo at pagbubuo ng pangungusap ay maaaring dulot ng pantay na antas ng karanasan o kaalaman ng dalawang kasarian sa mga aspetong ito. Posibleng ang mga mag-aaral ay may limitadong pagkakataon na mapalawak ang kanilang bokabularyo at maisanay sa mas mataas na antas ng sintaktikong konstruksyon sa silid-aralan, kung kaya't hindi lumitaw.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 7 

**Antas ng Kasanayan sa Pagsusulat**

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng mga istatistika ng kasanayan sa paggawa ng sanaysay ng mga mag-aaral batay sa mga aspeto ng balarila, detalye, pangwakas, estruktura, wika, at pangkalahatang performans. Inilalahad dito ang mga sukat tulad ng mean at standard deviation (SD) upang masuri ang kanilang pagganap sa bawat bahagi ng pagsusulat ng sanaysay.

**Talahanayan 4**
*Kasanayan sa Paggawa ng Sanaysay*

| Variable | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Balarila | 1.48 | 0.506 | May kakulanggan |
| Detalye | 1.70 | 0.791 | Maari na |
| Pangwakas | 1.58 | 0.781 | May kakulangan |
| Estruktura | 1.65 | 0.736 | May kakulangan |
| Wika | 1.50 | 0.506 | May kakulangan |
| Total | 7.90 | 2.88 | May kakulangan |

*Legend: 1.00-1.66=May Kakulangan; 1.67-2.33=Maari na] 2.34-3.00=May kahusayan*

Batay sa resulta ng pagsusuri sa kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng sanaysay, lumilitaw na sa halos lahat ng aspeto ay may kakulangan ang mga mag-aaral. Sa aspeto ng balarila, nakakuha lamang sila ng mean na 1.48 (SD = 0.506), na nagpapakita ng malinaw na kakulangan sa wastong gamit ng mga tuntuning gramatikal. Gayundin, ang aspeto ng pangwakas na bahagi ng sanaysay ay may mean na 1.58 (SD = 0.781), samantalang ang estraktura ay nasa 1.65 (SD = 0.736), at ang wika ay may mean na 1.50 (SD = 0.506)—lahat ay nasa interpretasyong *"May Kakulangan."* Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa organisasyon ng nilalaman, sa pagsasara ng kanilang mga ideya, at sa pagpili ng angkop na mga salita o pahayag.

Ang resulta ay pinapatunayan sa pag-aaral nina Javed at Umer (2014), na nagpakita na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng suliranin at may kakulangan sa gramatika sa pagsulat. Binanggit sa pag-aaral kina Urbano et al. (2021), ang mga estudyante sa sekundarya ay nakararanas ng mga balakid sa wastong paggamit ng mekaniks ng wika, tulad ng tamang pagbaybay, paggamit ng bantas, at pagbuo ng mga pangungusap.

Tanging ang aspeto ng pagbibigay ng detalye ang nakakuha ng mean na 1.70 (SD = 0.791), na pumapasok sa kategoryang *"Maaari na,"* bagama't ito ay nasa pinakamababang antas ng nasabing kategorya. Ibig sabihin, kahit papaano ay may kakayahan ang mga mag-aaral na magbigay ng suporta o paglalarawan sa kanilang mga ideya, ngunit hindi pa rin ito lubos na maituturing na may kahusayan.

Sa kabuuan, ang total mean na 7.90 mula sa kabuuang posibleng iskor na 15 (Mean = 1.58 bawat bahagi) ay nagpapakita rin ng pangkalahatang kakulangan sa kasanayan sa paggawa ng sanaysay. Ang kabuuang interpretasyon ay *"May Kakulangan,"* na nagpapahiwatig na may malalaking puwang sa pagkatuto na dapat tugunan sa aspeto ng pagsulat. Sinusuportahan sa pag-aaral nina Sayson et al. (2020), ang limitadong kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika, ay may negatibong epekto sa kanilang akademikong pagganap. Binanggit sa pag-aaral ni Habib (2023), ang kakulangan sa bokabularyo ay maaaring hadlang sa pag-unawa sa pagbasa, at makaapekto sa kanilang akademikong pag-unlad.

Ang mababang marka sa balarila at wika ay nagpapakita na may kakulangan ang mga mag-aaral sa batayang kaalaman sa wastong gamit ng Filipino. Nangangailangan ito ng mas pinatibay na pagtuturo sa gramatika, tamang baybay, bantas, at wastong pagbubuo ng pangungusap. Ang mababang pagganap sa bahagi ng estruktura at pangwakas ay maaaring senyales na ang mga mag-aaral ay hindi pa sapat na kakayahan sa pag-organisa ng lohikal na daloy ng ideya, o nahihirapan sa pagbigay ng epektibong pangwakas ng argumento. Dapat magkaroon ng tiyak na pagsasanay sa pagsulat na nakatuon sa apektong ito.

Bagama't "maaari na" ang antas ng pagbibigay ng detalye, maaari itong gamiting panimulang lakas sa pagpapahusay ng iba pang aspeto ng sanaysay. Kung matuturuang iugnay nang mas mahusay ang mga detalyeng ito sa estruktura at layunin ng sulatin, mas magiging buo ang kalidad ng sanaysay. Dahil halos lahat ng bahagi ng pagsusulat ay may kakulangan, nararapat lamang na ipatupad ang mas madalas at sistematikong pagsasanay sa paggawa ng sanaysay, kalakip ang *formative feedback* upang matulungan ang mga mag-aaral na makita at itama ang kanilang mga kahinaan.

**Ugnayan ng mga Variables**

Isinagawa ang isang pagsusuri gamit ang statistikang inferensyal upang tuklasin kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pagsusulat at mga kasanayan sa pasulat na komunikasyon ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Base sa resulta ang kasanayan sa pasulat na komunikasyon at kasanayan sa pagsulat ay hindi normal na distribusyon kaya't gagamitin ang non-*parametric testing.*

Bilang batayan sa interpretasyon ginamit ang Spearman's Rho ni (Ali Abd Al- Hameed, K. 2022) kung saan sinusuri ang mga pares ng variable na hindi sumusunod sa

normal na distribusyon, batay sa mga resulta ng Shapiro-Wilk Test.

| **Spearman's rho** | **Correlation** |
|---|---|
| ≥ 0.70 | Very strong relationship |
| 0.40-0.69 | Strong relationship |
| 0.30-0.39 | Moderate relationship |
| 0.20-0.29 | Weak relationship |
| 0.10-0.019 | No or negligible relationship |

**Talahanayan 5**
**Ugnayan ng Pagsulat ng sanaysay sa komukatibong kasanayang pasulat**

| Pair of Variables | Spearman rho | p-value | Desisyon | Remarks |
|---|---|---|---|---|
| Pagsulat ng sanaysay at … | | | | |
| Balarila | 0.330* | 0.037 | Reject Ho | Significant |
| Bokabularyo | 0.519** | 0.001 | Reject Ho | Significant |
| Pagbuo ng pangungusap | 0.418* | 0.007 | Reject Ho | Significant |
| Komukatibong pasulat | 0.569** | 0.001 | Reject Ho | Significant |

*n= 40 df=38 *Significant at <.05*

Batay sa resulta ng pagsusuri gamit ang Spearman rho, lumitaw na may makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay at iba't ibang aspeto ng komunikatibong kasanayang pasulat ng mga mag-aaral. Ang pinakamatibay na ugnayan ay natagpuan sa pagitan ng pagsulat ng sanaysay at kabuuang antas ng komunikatibong kasanayang pasulat (rho = 0.569, $p$ = 0.001), na may mataas na antas ng korelasyon. Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikatibong aspeto ng pagsulat (gaya ng malinaw na layunin, organisasyon ng ideya, at pagpapahayag ng kaisipan), ay tumataas din ang kanilang kahusayan sa paggawa ng sanaysay. Batay sa pag-aaral kina (Rañosa-Madrunio et al. 2016), ang madalas na pagsasanay sa pagsusulat ay nakakatulong sa pagpapaunlad ng kritikal at lohikal na pag-iisip, na mahalaga sa pagbuo ng mga ideya sa akademikong konteksto.

Bukod dito, may makabuluhan ding ugnayan ang pagsulat ng sanaysay sa bokabularyo (rho = 0.519, $p$ = 0.001), na nagpapakita na ang lawak at lalim ng salitang ginagamit ng mga mag-aaral ay may mahalagang papel sa epektibong pagsulat. Batay sa pag-aaral nina Guinto at Carada (2023), ang pagpapalawak sa bokabularyo o talasalitaan ay may malaking ambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral.Nangangahulugan ito na mas malikhain at mas epektibong nakapaghahayag ng kaisipan ang mga mag-aaral na may mas malawak na bokabularyo.

Gayundin, may positibo at makabuluhang ugnayan din ang sanaysay sa aspeto ng pagbubuo ng pangungusap (rho = 0.418, $p$ = 0.007), at balarila (rho = 0.330, $p$ = 0.037). Ibig sabihin, ang mga mag-aaral na may mas mahusay na kakayahan sa pagbuo ng lohikal at tamang kayariang pangungusap, gayundin sa tamang gamit ng gramatika, ay mas nakagagawa ng mas maayos at makabuluhang sanaysay. Binanggit sa pag-aaral ni Misa (2021), ang kagalingan o kaalaman sa wastong gramatika ay nangangahulugan lamang ng maayos at wastong delibirasyon ng balarila at malinaw na maipahayag ang daloy o organisasyon ng pangungusap.

Ang resulta ay nagpapakita na ang pagsulat ng sanaysay ay hindi nakahiwalay na kasanayan; ito ay nakasalalay sa iba't ibang aspekto ng komunikatibong kasanayan gaya ng balarila, bokabularyo, at pagbubuo ng pangungusap. Kaya't ang pagpapalakas ng mga ito ay inaasahang magreresulta rin sa pagpapabuti ng kabuuang kakayahan sa pagsulat. Ang pagtuturo ng sanaysay ay dapat hindi lamang nakatuon sa porma o estruktura, kundi sa integrasyon ng wastong gramatika, masining na bokabularyo, at lohikal na pagkakabuo ng pangungusap. Iminumungkahi ang paggamit ng mga integratibong gawain tulad ng *peer editing, rubrik-based writing tasks, at content-based writing activities*. Ang malakas na ugnayan sa pagitan ng komunikatibong kasanayan at sanaysay ay nagpapahiwatig na ang kakayahang makipagtalastasan sa pamamagitan ng pagsulat ay higit pa sa pagsunod sa tuntunin—ito ay tungkol sa epektibong pagpapahayag ng ideya. Nararapat bigyang-diin ang layunin ng komunikasyon sa bawat gawaing pasulat.

**KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang kasanayan sa pasulat na pakikipagkomunikasyon at pagsulat ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Balamban National High School – Evening Opportunity Class ay may kaugnayan sa ilang aspeto ng kanilang akademikong pagganap. Ang mga datos ay nagsasabing ang mga mag-aaral ay may pangkalahatang kakulangan sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, partikular sa aspeto ng balarila, estruktura, wika, at pangwakas na bahagi. Sa kabilang banda, lumitaw na may positibo at makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa sanaysay sa mga aspeto ng komunikatibong kasanayang pasulat, tulad ng balarila, bokabularyo, pagbubuo ng pangungusap, at ang kabuuang kakayahang komunikatibo. Ipinapakita nito na ang tagumpay sa pagsulat ng sanaysay ay mas malamang na makamit kung maayos ang pundasyon sa mga batayang kasanayang lingguwistiko. Sa madaling sabi, ang kahusayan sa sanaysay ay produkto ng pinagsanib na kasanayan sa gramatika, bokabularyo, pagbuo ng lohikal na pangungusap, at kahusayan sa pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng pasulat.

**Mga Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan at konklusyon ng pag-aaral, narito ang mga sumusunod na rekomendasyon upang mapabuti ang kasanayan sa pasulat na komunikasyon at pagsulat ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Balamban National High School:

*For Improvement of Practice*. Dapat magsagawa ng masusing pagsusuri sa kasalukuyang kurikulum ng Filipino upang matukoy ang mga aspeto ng balarila, bokabularyo, at pagbuo ng pangungusap na nangangailangan ng karagdagang pagpapaliwanag at suporta. Makakatulong ang pag-aangkop ng kurikulum sa pangangailangan ng mga mag- aaral upang mapalakas ang kanilang kakayahan sa pagsulat at pasulat na komunikasyon. Ang mga guro ng Filipino ay kailangang magpatuloy sa kanilang pagsasanay at propesyonal na pag-unlad upang mapaigting ang kanilang kasanayan sa pagtuturo ng pasulat na komunikasyon at pagsusulat. Ang mga *seminar* at *workshop* na nakatuon sa makabagong estratehiya sa pagtuturo ay makikinabang ang mga guro sa pagpapabuti ng kanilang metodolohiya.

*For Policy*. Mahalaga ang papel ng mga magulang sa pagpapabuti ng kasanayan sa Filipino ng kanilang mga anak. Dapat magkaroon ng mga *seminar o orientation* para sa mga magulang upang mas maunawaan nila ang kahalagahan ng pagsasanay at pagkatuto ng Filipino, pati na rin ang paraan upang mapabuti ang kakayahan ng mga mag- aaral sa wika.

*For Further Research*. Replication study sa mga ibang paaralan upang mapalawig ang pagsusuri sa mga estratehiya sa pagtuturo ng balarila at estruktura ng pangungusap at ang epekto nito sa akademikong performance ng mag-aaral.

1. Isang mas advanced na pag-aaral na tumutok sa epekto ng bilingualismo sa kasanayan sa Filipino at Ingles at ang relasyon ng dalawang wika sa pagsulat at komunikasyon ng mga mag-aaral sa sekondaryang edukasyon.
2. Isang malalim ang pagsusuri ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag- aaral mula sa iba't ibang antas ng edukasyon upang makuha ang mga aspeto ng pagsulat na dapat bigyan ng higit na pansin sa bawat antas.
3. Isang masusing pag-aaral kung paano nakakatulong ang paggamit ng teknolohiya at social media sa pagpapalaganap at pagpapabuti ng kasanayan sa Filipino, pati na rin ang epekto nito sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral.
4. Isang pag-aaral na magtutok sa mga teknolohiya at pamamaraan upang mapaunlad ang pagiging malikhain at kritikal ng mga mag-aaral sa pagsusulat, na magsisilbing
5. kontribusyon sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pasulat na komunikasyon.

**SANGUNIAN**


Andales, R., & Francisco, M. L. (2024). Kahusayan sa Komunikasyon ng mga Estudyante sa Filipino. International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (IMJRISE), 1(6), 57-70. https://doi.org/10.5281/zenodo.11406680

Ali Abd Al-Hameed, K. (2022). Spearman's correlation coefficient in statistical analysis.International Journal of Nonlinear Analysis and Applications, 13(1), 3249-3255.Dias, P. G. I., Marapana, R. A. U. J., Rathnayaka, R. M. U. S. K., Gayathri, S. M. D. S.,

Al Saadi, Z. (2020). Gender differences in writing: The mediating effect of language proficiency and writing fluency in text quality. *Cogent Education, 7*(1), Article 1770923. https://doi.org/10.1080/2331186X.2020.1770923

Anuradha, N. G. D., Kananke, T. C., ... & Wickramaratne, N. M. (2023). Consumers' knowledge, attitudes, and behavior regarding functional food products-a survey from selected areas of Sri Lanka. Journal of Agricultural Sciences–SriLanka,*18*(1). https://jas.sljol.info/articles/10104/files/submission/proof/10104-1-36343-1-10- 20230102.pdf

Cabudbod, R. O., Osias, N. C., & Comon, J. D. (2024**).** Predictors of writing skills and learners' writing proficiency in Salay District. *European Modern Studies Journal,* *8*(3), 474. https://doi.org/10.59573/emsj.8(3).2024.34

Cuyos, A. N. C., Madidis, E. E., Nibalvos, M. N. C., & Omaña, E. F. (2024). Navigating grammatical errors among Filipino tertiary students: Implication for linguistic competence. *IMJ Rise, 1*(8). https://doi.org/10.5281/zenodo.13265038

Dizon, K. M., & Villanueva, J. (2022). Development and validation of a basic sentence structure worktext for

Filipino learners. *American Journal of Education and Technologies, 1*(1), Article 328. https://doi.org/10.54536/ajet.v1i1.328

EDCOM II. (2024). *EDCOM II Year One Report*. Second Congressional Commission on Education. Retrieved from https://edcom2.gov.ph/media/2024/02/EDCOM-II-Year-One-Report-PDF-022924.pdf

Ferrer, C., & Carmen, L. G. (2023). Strategies and attitude in English vocabulary learning of Grade 11 Filipino students. *Indonesian Journal of Language Teaching and Linguistics, 7*(2). https://doi.org/10.30957/ijoltl.v7i2.705

Frontiers Editorial Office. (2024). Effect of vocabulary learning strategies on students' vocabulary knowledge achievement and motivation: The case of grade 11 high school students. *Frontiers in Education, 9*, Article 1399350. https://doi.org/10.3389/feduc.2024.1399350

Guinto, L. E., & Carada, I. G. (2023). Enriched vocabulary-video lessons of literary works and vocabulary expansion. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9*(8), 107–119. https://doi.org/10.36713/epra2013

Gonzaga, N. G., Plan, L. D., & Aguipo, M. M. (2024). *Readiness and challenges of general education teachers on the implementation of inclusive education*. Russian Law Journal, 12(1), 8–26. https://doi.org/10.52783/rlj.v12i1.3534

Habib, M. J. (2023). Poor vocabulary skills in the English language at the secondary level in Bangladesh: A barrier to learning a foreign language. *International Journal of Contemporary Research in Multidisciplinary, 2*(6), 33–36. https://multiarticlesjournal.com/uploads/articles/IJCRM-2023-2-6-11.pdf

Ilao, J., Guevara, R. C. L., Llenaresas, V., Narvaez, E. A., & Peregrino, J. (2011, November 1). *Bantay-Wika: Towards a better understanding of the dynamics of Filipino culture and linguistic change* (pp. 10–17). Sentro ng Wikang Filipino, University of the Philippines. http://sentrofilipino.upd.edu.ph/bantaywika/BantayWika.pdf

Imperial, J. M., & Ong, E. (2021, January 1). *Diverse linguistic features for assessing reading difficulty of educational Filipino texts*. Cornell University. https://doi.org/10.48550/arxiv.2108.00241

Imperial, J M., & Ong, E. (2021, January 1). Under the Microscope: Interpreting Readability Assessment Models for Filipino. Cornell University. https://doi.org/10.48550/arxiv.2110.00157

Johnson, T., et al. (2020). *Correlation techniques in non-normal educational data*. Statistical Methods in Education, 31(4), 72-84

Kanwit, M., & Geeslin, K. L. (2020). Sociolinguistic competence and interpreting variable structures in a second language: A study of the copula contrast in native and second- language Spanish. Studies in Second Language Acquisition, 42(4),5- 799.https://doi.org/10.54012/jcell.v4i2.352

Largo, R. C., & Gaihe, M. A. Q. (2021). Filipino Language Teachers: Skills and Challenges Encountered in the Industry. *International Journal of Multidisciplinary Research and Publications. ISSN (Online)*, 2581-6187

Luza, J G. (2023, June 28). Filipino in Periodismo: Analyzing the Common Practices of Tabloid Writers in News Writing Using Filipino Language. European Organization for Nuclear Research. https://doi.org/10.5281/zenodo.8099238

Luh, W. (2024). A general framework for planning the number of items/subjects for evaluating Cronbach's alpha: Integration of hypothesis testing and confidence intervals. Methodology. https://doi.org/10.5964/meth.10449.

Misa, R. (2021). Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng Ramon Magsaysay State University. *Asian Journal of Social Science and Research (AJSSR), 5*(10).

Nuncio, R V., Arcinas, M M., Lucas, R I G., Alontaga, J V., Neri, S G T., & Carpena, J M. (2020, July 1). An E-learning outreach program for public schools: Findings and lessons learned based on a pilot program in Makati City and Cabuyao City, Laguna, Philippines. Elsevier BV, 82, 101846-101846.https://doi.org/10.1016/j.evalprogplan .2020.101846

Orozco, L. (2022, January 1). The Lived Experiences of Rido: The Meranao Case., 10(03). https://doi.org/10.37082/ijirmps.2022.v10i03.002

Oyzon, V Q., & Fullmer, J M. (2014, March 1). Mother-Tongue Based Multilingual Education (MTBMLE) Initiatives in Region 8. Institute of Advanced Engineering and Science (IAES), 3(1). https://doi.org/10.11591/ijere.v3i1.5862

Pablo, J. C. I., & Lasaten, R. C. S. (2018). Writing difficulties and quality of academic essays of senior high school students. HTTPS://DOI.ORG/10 .5281/ZENODO.13123536

Padillo, G. G., Manguilimotan, R. P., Capuno, R. G., & Espina, R. C. (2021). Professional development activities and teacher performance. *International Journal of Education and Practice, 9*(3), 497–506. https://doi.org/10.18488/journal.61.2021.93.497.506

Ramos, L., et al. (2021). *Exploring the validity of Spearman's rho in non-normal educational data*. Educational Measurement Journal, 23(1), 47-53

Rañosa-Madrunio, M., Tarrayo, V. N., Tupas, R., & Valdez, P. N. (2016). Learner autonomy: English language teachers' beliefs and practices in the Philippines. In B. Y. L. Wong & H. Y. Gao (Eds.), *Language learner*

*autonomy: Teachers' beliefs and practices in Asian contexts* (pp. 114–133). IDP Education.

Sayson, C. , Opancia, E. ., & Macasojot, J. . (2020). Effects of Using English Language on Academic Performance of Grade 12 HUMSS Strand Students at Bestlink College of the Philippines. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal ofMultidisciplinaryResearch,2(1). Retrieve from https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/2638 https://doi.org/10.5281/zenodo.14566434

Shapiro, S. S., & Wilk, M. B. (1972). An analysis of variance test for the exponential distribution (complete samples). *Technometrics, 14*(2), 355–370. https://doi.org/10.1080/00401706.1972.10488921

Urbano, C. M., Gumangan, M. A., Gustillo, L., & Capacete, M. P. A. (2021). Reading and writing needs of senior high school students: The case of Filipino students in the Philippines. *Modern Journal of Studies in English Language Teaching and Literature, 3*(1), 140–166. https://doi.org/10.56498/31202154

Vale, M A D., Oliva, F., Bringula, R P., Serna, D J T D L., & Napolis, J A. (2020, January 10). Analyzing Bilingual and "Taglish" Texts in E-barangay Mobile Application System., 3, 412-416. https://doi.org/10.1145/3377571.3379436

Whitley, E., & Ball, J. (2021). *Spearman's Rho and its applications in non-parametric testing in education research*. Journal of Educational Research, 54(2), 95-110

Zjiezza. (2016, November 8). *Ang Wikang Filipino sa makabagong panahon (Isang pananaliksik)*. Wika 2016 (Navijite). https://vjntwika16.wordpress.com/2016/11/08/ang-wikang-filipino-sa-makabagong-panahon-isangpananaliksik/